THE LORD'S FLOCK
GROWTH DIGEST
PASTORAL GROWTH SERIES

# Paglalantad kay Satanas (Unang Bahagi sa 8)

Sis Techie Rodriquez, Elder- Founder
February 3, 2021

Ang maskara ay takip sa buong mukha o bahagi lamang, isinusuot para magbalatkayo, magbigay aliw, o manakot sa ibang tao. Kahit maraming gamit ang maskara na sumasaklaw sa iba't ibang kultura, ito'y pangkaraniwang ginagamit para matakpan, maikubli, maitago ang isang bagay. Naitutulad ang ating espiritwal na laban sa Halamanan ng Eden (Gen. 3:1), bilang tusong ahas (satanas) na nagsuot ng maskara para makapasok sa ating halamanan at sirain ang ating ugnayan sa Diyos. Bilang Kristyano, dapat maintindihan at matutunan natin ang mga pamamaraan ni satanas para maihayag ang kanyang katusuhan at malabanan natin siya.

**1.Sino si Satanas?**

**1.1 Si Satanas ay isang anghel na nahulog mula sa langit.** Siya ay lingkod din ng Diyos, tala sa umaga, anak ng Bukang-liwayway ngunit nagrebelde siya at nagtangkang agawin ang kapangyarihan ng Diyos dahil sa kanyang kayabangan (Is. 14: 12-17; Ez. 28: 1-10).

**1.2 Natalo siya sa laban kontra sa mga anghel ng Diyos.** Pinalayas si satanas at ang kanyang mga kampon mula sa langit (Pahayag 12:7-9).

1.3 Iba't ibang pangalan ni satanas sa Bibliya:

- Beelzebul na prinsipe ng mga demonyo (Lk.11:15)
- Pinuno ng sanlibutan (Jn. 16:11)
- diyos ng daigdig na ito (2Cor. 4:4)
- Prinsipe ng kasamaan (Efeso 2:2)
- Pulang dragon (Pahayag 12:3)

**2. Ano ang mga instrumento ng demonyo?**

**2.1 Walang pakialam.** Ito ay isang espiritu ng kaaway na humahantong sa paglayo o walang kibo, walang malasakit sa sariling kasalanan at sa ibang tao. Ito ang kasalanan ng simbahan ng Laodecia na naging dahilan para isuka sila ni Jesus (Pahayag 3:16).

**3. Ano ang mga palatandaan na ikaw ay nasa ilalim ng espiritu ng walang pakialam?**

**3.1** Pinababayaan ang mga misyong ibinigay ng Diyos (Hagg 1:4). May inilaang layunin ang Diyos para sa bawat isa (Jer. 1:4), bilang pamayanan at bilang templo ng Diyos (1 Cor. 3); tinitingnan Niya ang pag-unlad ng ating buhay Kristyano, kung namumunga ba tayo o hindi.

**(Itutuloy…)**

**4.Konklusyon**

Sa unang bahaging ito, alam natin ang pagkakakilanlan kay satanas at naiintindihan na natin ang kanyang mga paraan. Kung tayo'y natutukso, nasisira ang ugnayan natin sa Diyos. Kung bigo tayong makita ang ating misyong bigay Niya o nakaligtaan nating tapusin ito, may mga banayad na presensya si satanas sa ating halamanan. Gayunpaman, binigyan tayo ng Diyos ng Gabay, ang Espiritu Santo, na tutulong sa paglalantad ng mga katusuhang ginagawa ng satanas.

**Pagninilay:**

1. Ano-ano ang mga hindi pa tapos na misyong bigay ng Diyos sa iyo? Plano mo bang tapusin ito?
2. Paano mo mapipigilan ang espiritu ng walang pakialam na maimpluensiyahan ang iyong buhay? Nagdadasal ka ba sa Espiritu Santo?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials

Tags: #espiritualnalaban #kasamaan #tukso